



MALAY

TOMO XXXVI BLG. 1 • DISYEMBRE 2023

Ang *Malay*, isang multi/interdisiplinaryang journal sa Araling Filipino ng Pamantasang De La Salle na internationally refereed at abstracted, ay inililimbag makalawa isang taon sa ilalim ng pamamahala ng De La Salle University Publishing House para sa Pamantasang De La Salle. Bilang journal na multi-disiplinari, nagtatampok ang *Malay* ng mga papel, pananaliksik, at artikulong naglalahad ng mga kaisipan at kaalaman mula sa iba't ibang disiplina sa larangan ng Araling Filipino. Ang mga ideya, pagkukuro, at paninindigan ng mga may-akda ay pananagutan nila at hindi repleksyon ng mga paghahaka at patakaran ng mga patnugot, ng kaguruan, o ng pangasiwaan ng Pamantasang ito.

Karapatang-ari © 2023 ng Pamantasang De La Salle

Reserbado ang lahat ng karapatan. Alinmang bahagi ng librong ito ay hindi maaaring kopyahin o isulat sa anumang anyo maging ito ay palimbag o elektroniko, o kaya'y itanghal nang pormal at may bayad nang walang pahintulot ng tagapaglathala o ng may-akda.

ISSN: 0115-6195

Published and distributed by

De La Salle University Publishing House

2401 Taft Avenue, 0922 Manila, Philippines

Telefax No. (+63 2) 8523-4281

Email: dlsupublishinghouse@dlsu.edu.ph

Website: <https://www.dlsu.edu.ph/research/publishing-house/journals/malay/>

Ang De La Salle University Publishing House

ang tanggapang pampublikasyon ng Pamantasang De La Salle, Pilipinas

Halaga ng Taunang Subskripsyon: Laybrari/Silid aklatan, institusyon sa labas ng Pilipinas: US\$40 (surface mail), US\$50 (koreo). Indibidwal/Isahan: US\$25 (surface mail), US\$35 (koreo). Halaga ng subskripsyon sa Pilipinas para sa laybrari at institusyon: PhP1,800/Isahan: PhP1,500. Makipag-ugnayan kay *Joanne T. Castañares* sa anumang detalye tungkol sa subskripsyon o mag-mail sa: joanne.castanares@dlsu.edu.ph

Mga Editor

Florentino T. Timbreza

Honorary Editor

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

Rowell D. Madula

Punong Editor

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

Dolores R. Taylan

Tagapamahalang Editor

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

Internasyonal na Lupon ng mga Editor

Aurelio S. Agcaoili

University of Hawaii Manoa, USA

Joi Barrios-Leblanc

University of California, Berkeley, USA

Aurora E. Batnag

*Pambansang Samahan sa Linggwistika at
Literaturang Filipino, Ink., Pilipinas*

Arthur P. Casanova

Komisyon sa Wikang Filipino, Pilipinas

Antonio P. Contreras

Unibersidad ng Pilipinas–Los Baños, Pilipinas

Rommel A. Curaming

Universiti Brunei Darussalam, Brunei

Feorillo Petronilo A. Demeterio

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

JC Gaillard

The University of Auckland, New Zealand

Roberto E. Javier

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

Jovy M. Peregrino

Unibersidad ng Pilipinas–Diliman, Pilipinas

E. San Juan Jr.

*Philippine Cultural Studies Center, University
of Connecticut, USA*

Bernardo N. Sepeda

*National Research Council of the Philippines,
Pilipinas*

Rolando B. Tolentino

Unibersidad ng Pilipinas–Diliman, Pilipinas

Jose Victor Z. Torres

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

Tereso S. Tullao Jr.

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

Nelson N. Turgo

Cardiff University, United Kingdom



MALAY

Mga Nilalaman

MULA SA EDITOR

Rowell D. Madula

vii

MGA NATATANGING LATHALAIN

Si Clodualdo del Mundo, Sr. Bilang Isang Kritiko at Pampublikong Intelektuwal /
Clodualdo del Mundo, Sr. as a Popular Culture Critic and Public Intellectual
Mark Pere Madrona 1

Pagbasa at Paglapit ng Anak na si Bayani S. Abadilla sa Daigdig ng Kaakuhan: 23
Si Alejandro G. Abadilla at ang Dakilang Pagwawasak /
Reading and Converging on the World of Self-Identity by the Son Bayani S. Abadilla:
Alejandro Abadilla and the Great Destruction
Romeo P. Peña

Ang Larawan ng Mutya: Muling-Pagsilang, Pagbabanyuhay, at Popularidad / 33
The Image of the Muse: Rebirth, Metamorphosis, and Popularity
Danim R. Majerano

Ang Diskurso ng Malas at Suwerte sa mga Kuwento ng Tagumpay ng mga Nakatatandang 45
Dating Overseas Filipino Workers /
The Discourse of Luck in Older Former Overseas Filipino Workers' Narratives of Success
Michelle G. Ong

Pagmamapa sa Navotas Fish Port Complex Hanggang sa Proseso ng Bentahan sa Market Halls 60
Gamit ang Socio-Economic Geography /
The Mapping of Navotas Fish Port Complex in the Process of Selling in Market Halls Using
Socio-Economic Geography
Reneille Joy Mante Tayone

Lunas sa Paglimot: Ang Liberal na Demokrasya bilang Kontradiskurso sa Apat na 77
Kuwentong Pambata tungkol sa Batas Militar /
Against Forgetting: Liberal Democracy as Counter-Discourse in Four Children's Stories about Martial Law
John Leihmar C. Toledo

MGA KONTRIBYUTOR

99

PANAWAGAN PARA SA KONTRIBUSYON SA MALAY

101

Mula sa Editor

Marami sa atin ang lumaki at nasanay na ang ginagamit na wikang panturo sa maraming subjek sa elementarya at hayskul ay wikang Ingles. Ilang subjek lamang ang ginagamit ang wikang Filipino tulad ng Araling Panlipunan, MAPEH at s'yempre, ang subjek na Filipino. Sa paglipas ng panahon, sa maraming paaralan sa bansa, tanging sa subjek na Filipino ginagamit ang wikang Filipino. May ilang paaralan pa nga na kahit ang subjek na Filipino ay itinuturo sa wikang Ingles. Ito ang kabalintunaan sa ating bayan.

Pero laking gulat ko na sa pagtuntong sa kolehiyo, maraming kurso ang itinuturo sa wikang Filipino, hindi lamang sa subjek na Filipino. Tatlong klase sa Pilosopiya ang kinuha ko sa wikang Filipino. Sa wikang ito nagtuturo ang aming propesor, at nasa wikang ito ang mga babasahin na aming ginagamit sa klase. Hindi ko makalilimutan ang pagbasa ng akdang “Ang Alegorya ng Yungib” ni Plato. At maging ang “Metamorphosis” ni Franz Kafka na pawang sa Filipino namin binasa at tinalakay.

Hindi natin maikakaila na malawak na ang paggamit at pang-unawa sa wikang Filipino. Sa tulong ng mass media, mas marami na ang nasanay na makarinig, at kinalaunan, masanay sa wikang Filipino. Maaaring may iba na hirap magsalita sa wikang ito, pero tiyak na kahit papaano ay nauunawaan ito. Lagi’t lagi nating ipinapaalala na mahalaga ang wikang Ingles, tulad ng kahalagahan ng iba pang wika sa mundo. Mahalaga na matuto ng iba pang wika, mas mabuti kung mas maraming wikang alam at nauunawaan ang isang tao. Ingles man yan o Koreano o Nihonggo o Mandarin o kung ano pa mang wika, Bisaya, Ilokano, Pangasinense, Kapampangan, mas marami tayong wikang alam, mas nagiging makapangyarihan.

Sa kasalukuyan, hindi rin maikakaila ang aprehensiyon ng ilan sa pagkilala sa wikang Filipino bilang pambansang wika ng Pilipinas. Bunsod na rin ito ng maling paniniwala na magkalaban ang wikang Filipino at ang mga wikang rehiyonal sa bansa at maging ang wikang Ingles. Pero ito ay walang katotohanan. Ang wikang Filipino ay wikang patuloy na hinuhulma nating mga mamamayan sa tulong na rin ng mga wikang rehiyonal at ng mga wikang dayuhan, hindi lang wikang Ingles.

Sa isyung ito ng *Malay*, muli nating mababasa ang mga artikulong nagpapatunay sa kakayahan ng wikang Filipino bilang wikang pangdiskurso, wika sa pamimilosopiya, wika ng karunungan.

Mahalagang pagkilala at pagdidiskurso sa ambag ni Clodualdo del Mundo Sr. ang papel ni **Mark Pere Madrona**. Bilang isang manunulat at kilalang pampublikong intelektuwal, si del Mundo Sr. ay naging aktibo sa mga sosyo-politikal na mga gawain lalo na sa iba’t ibang yugto ng kasaysayan sa bansa na humulma sa kasalukuyang lipunang mayroon tayo ngayon. Ang pag-unawa sa kaniyang mga akda at ambag ay nararapat na isagawa lalo na sa panahong ito na muli tayong binabagabag ng mga isyung panlipunan na tila may pagbalik sa nakaraang mga usapin at kontrobersiya.

Makikita naman sa papel ni **Romeo P. Peña** ang pagbasa ni Bayani S. Abadilla sa akda ng kaniyang amang si Alejandro G. Abadilla na tinaguriang “Ama ng Modernong Panulaang Tagalog.” Makabuluhan ang papel na ito dahil sa pagpapakita ng dinamismo ng ugnayan ng personal at politikal sa panitikan na nakatutok hindi lamang sa akda kundi maging sa may-akda. Bilang isa ring kinikilalang manunulat, ang pagbasa ni B. Abadilla sa akda ng kaniyang ama na si A. Abadilla ay isang pagtatangkang bigyang linaw ang ilang kontrobersiya na iniuugnay sa

huli. Inihahayag ni Peña ang katwiran ng anak na si B. Abadilla na sadyang kakaiba ang konsepto ni A. Abdilla sa tula na umiiral na panuntunan at/o pamantayan na sukat at tugma ang nagtatakda sa kaanyuan ng tula.

Binigyang pansin naman ni **Danim R. Majerano** ang imahen ng Mutya ng Pasig bilang lunduyan ng ideolohiya at politikal na mga mensahe kung paano ito nagiging instrumento sa adyendang pangkultura at personal ng mga kumikilala rito. Sa isang bansang tagatangkilik ng mga lokal at pandaigdigang patimpalak sa kagandahan, ang makasaysayang Mutya ng Pasig ay nagbigay-daan sa patuloy na pagkahumaling ng mga mamamayang Pilipino sa ganitong mga gawain. Mahusay na natahi ni Majerano ang imahen ng Mutya ng Pasig at kasaysayan nito sa lokal na pagsasakasaysayan at pagdidiskurso.

Ang diasporang Pilipino ang isa sa mga larang ng pananaliksik na patuloy na pinagyayaman ng mga iskolar sa loob at labas ng bansa. Para sa isang lipunang isa sa pangunahing produkto ay lakas-paggawa, inaasahan pa ang patuloy na paglabas ng marami nating kababayan para maghanap ng mas magandang oportunidad at kabuhayan. Sa pag-aaral ni **Michelle G. Ong**, dinalumat ang konsepto ng malas at suwerte sa pananaw ng mga nakatatandang OFW. Ang mayamang karanasan ng mga nakatatandang OFW ay mahalagang balon ng karunungan na paghalawan ng mga kaisipan at konsepto. Binibigyang diin sa papel na bagamat walang materyal na batayan ang konsepto ng suwerte, nakatutulong ito para magkaroon ng positibong pananaw ang maraming nakatatandang OFW.

Kilala ang Navotas Fish Port Complex (NFPC) bilang isa sa mga pangunahing bagsakan ng isda hindi lang sa Metro Manila kundi maging sa buong bansa. Sa papel ni **Reneille Joy M. Tayone**, gamit ang socio-economic geography, iminapa ang espasyo ng NFPC at ang kultural na praktis ng bentahan mula sa estilo, kabihasaan at ang konsepto ng pakikipagpalagayang loob na nagaganap dito. Mahusay na naipakita sa papel ang ugnayan ng pisikal na espasyo at lokasyon nito sa mga kilos, gawi at proseso ng komunikasyon ng mga taong nakapaloob dito.

Sa mga nakalipas na dekada, nakita natin ang pag-usbong ng panitikang pambata bilang isang mahalagang genre ng panitikan na may kapangyarihang hubugin ang kaisipan ng mga bata at kabataan para sa pagbabagong panlipunan. Gayundin, nakita natin kung paanong ang mga kuwentong pambata ay hindi na lamang tumatalakay sa mga personal na danas ng mga bata. Sa papel ni **John Leihmar C. Toledo**, sinuri ang apat na kuwentong pambatang pumapaksa sa Batas Militar. Sa pagbasa ng mga kuwentong ito, nakita na tila sinasalamina nito, hindi lang ang mga batang karakter kundi maging ang uri ng mga mamamayang mayroon sa ating lipunan. May pasibong naghihintay sa EDSA at may aktibong nakikilahok sa mga usaping panlipunan.

Sa bagong isyung ito ng *Malay*, higit na napatutunayan ang kahalagahan ng pananatili ng paggamit at pagtalakay ng wikang Filipino bilang batis ng diskurso ng kasaysayan, kaakuhan, kamalayan, at panitik ng mga Pilipino. Bilang pangwakas ay muli't muling ipinaabot at ipinadarama natin ang lubos na paghanga't pagpupugay sa kahusayan at kasipagan ng aming katuwang sa paghahanda at pagsasaayos sa mga nailathalang artikulo sa kasalukuyang isyu—si Bb. Joanne Castañares.

Gayundin, nais ko ring pasalamatang aking punong editor sa mahabang panahon na si Dr. Florentino T. Timbreza sa mga aral at talinong ibinahagi niya sa akin at sa *Malay* sa kabuuan. Ang kaniyang ambag sa Araling Pilipinas ay hindi matatawaran at hindi makalilimutan.

Rowell D. Madula